GABAY SA PAGPAPAGALING NG PASYENTE NG INFLUENZA SA BAHAY

Agosto 2009

Sa kasalukuyan, hindi gaanong malubha ang mga mayroong H1N1 influenza at maliit lamang ang bilang ng mga taong ina-admit para ma confine sa ospital.

Ang bagong uri ng Influenza at ang pangkaraniwang influenza na nauuso (pana-panahong influenza) ay sinasabing lumulubha sa mga may chronic respiratory illness gaya ng hika, o may dati nang mga sakit gaya ng diabetis, mga bata, matatanda at mga nagdadalang-tao. Karamihan sa mga malulusog na tao ay kadalasang nakaka recover sa loob ng isang linggo.

Sakaling ma diagnosed na may H1N1 influenza, at hindi naman kalubhaan ang inpeksiyon, gawing gabay ang patnubay na ito sa pagpapagaling sa bahay.

ANG MGA MILD CASES AY KAILANGAN NG PAGPAPAGALING SA BAHAY

- ○ Ang hindi malubhang kondisyon ay maaaring gamutin lamang sa bahay, subalit kung malubha o palagay na may panganib dahilan sa inpeksiyon ng bagong uri ng Influenza ay kinakailangan na i-admit at gamutin sa ospital
- ○ Ang tinutukoy na pag-gagamot o pagpapagaling sa bahay ay ang 「unang araw ng pagkakaroon ng biglaang lagnat hanggang ika-7 araw」o「2 araw na lumipas simula ng bumaba ang lagnat」

KUMUNSULTA SA DOCTOR SAKALING

- ○ hindi maka recover ang kundisyon ng katawan, at patuloy ang lagnat sa loob ng 4 na araw.
- ○ kung malala ang ubo at plema, masakit ang dibdib at hindi makahinga.
- ○ Hindi makainom ng liquid, at pinapalagay na dehaydrate at nahihilo pag tumatayo.
- ○ nahihirapang huminga (humihingal).
- ○ gumaling na subalit lumubha ang pag-ubo at nagkaroon ng biglaang lagnat.
- ○ mayroon pang ibang sintomas na napansin na hindi naman normal gaya ng kombulsyon atbp.

※ alagaan at ingatang mabuti lalung-lalo na ang mga maliliit na bata.。

PAG-IINGAT NA DAPAT ISAGAWA NG PASYENTE AT NG PAMILYA

○ Ang kahalagahan ng pagpapagaling sa bahay ay ang pag-aalaga sa kundisyon ng pasyente at pagsugpo na huwag kumalat ang inpeksiyon sa loob ng bahay.

Nakasulat sa likod ang mga dapat tandaan. Kinakailangan ang kooperasyon sa buong pamilya at ng pasyente para sa medical treatment ng pagpapagaling sa bahay.

MGA DAPAT TANDAAN SA HOME HEALTHCARE

Agosto 2009

MGA DAPAT TANDAAN NG PASYENTE

Alamin araw-araw ang temperature ng katawan.

① Inumin lahat ang niresetang gamot kahit na ang palagay ay mabuti na ang kondisyon ng katawan.
② Iwasan ang lumabas ng bahay, at magpahinga sa pribadong silid hanggat maaari.
③ Palaging uminom ng liquid (tubig, tsaa, o mga sports drink atbp.)
④ Kumain ng masustansiyang pagkain , at matulog ng sapat.
⑤ Sundin ang 「Cough Etiquette 」.

「Cough Etiquette」

- Magsuot ng mask kung palaging umuubo
- Takpan ang bibig at ilong ng tissue atbp. Kung babahin o uubo at iiwas ang mukha sa kaharap na tao.
  Hanggat maari ay lumayo ng mga dalawang metro ang layo.。
- itapon kaagad sa basurahan ang ginamit na tissue.

MGA DAPAT TANDAAN NG PAMILYA

○Pag-aalaga sa pasyente

① Bigyang pansin ang pagbabago ng kondisyon ng pasyente, kumunsulta sa doctor kung napansin na lumulubha.
② Piliin ang madaling matunaw at masustansiyang pagkain .
③ Magsuot ng facemask kung makikipag-usap sa pasyente..
④ Huwag gamitin ang mga ginamit na ng pasyente tulad ng plato at tuwalya. Ang mga damit, plato ay maaring gamitin matapos itong hugasan o labahan.

○Pag-aalaga sa kalusugan ng pamilya

① Alamin din ang temperature ng pamilya.
② Tumawag sa health center kung mayroong 38℃ pataas ang lagnat, inuubo at masakit ang lalamunan
③ Hugasan mabuti ang kamay matapos na hawakan o alagaan ang pasyente.
④ Kung maaari ihiwalay ang kuwarto ng pasyente.
⑤ I-ventilate ang hanginang kuwarto at panatilihin ang humidity ng mga 50～60%

※ Para sa mga katanungan ,kumonsulta sa health center (Health Welfare Offices) at medical institution kung saan kayo nagpagamot.

Nagano Prefecture Health Department